

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Mayo 29, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Inilunsad ng Long Beach ang Open Streets Initiative**

### **Ang mga pansamantalang “parklet” ay itinatag upang tulungan ang mga negosyo sa pagbubukas nilang muli**

Long Beach, CA -Bilang unang parte ng Open Streets Initiative ng Lungsod, ang mga pansamantalang “parklet” ay itinatag sa Bixby Knolls, Belmont Shore, at mga lugar sa Downtown upang suportahan ang mga negosyo at restawran sa kanilang muling pagbubukas. Ang mga parklet — mga extension ng mga sidewalk sa mga paradahan at kalye — ay magbibigay ng mga ligtas na lugar para ma-enjoy ng mga kustomer habang naghihintay i-pick-up ang mga pagkain o paninda sa mga lokal na negosyo at maaari ring gamitin bilang “common area” para sa panlabas na kainan sa ilalim ng binagong Utos sa Kalusugan na inaaasahan na lumabas mamaya.

“Ang aming Open Streets Initiative ay nagbibigay ng ligtas at malawak na espasyo upang magbukas muli ang mga restawran at para mag-enjoy ang mga pamilya. Ang pansamantalang parklets ay nagbibigay daan upang mabigyan ang ating lokal na maliliit na negosyo ng suporta habang nagbibigay sa mga residente ng espasyo upang makapag pisikal na distansya.”

Ang mga gumagamit ng mga parklet ay dapat sumunod sa lahat ng aspeto ng kasalukuyang [Utos sa Kalusugan](#), kabilang ang pisikal na pagdistansya at pagsuot ng panakip ng mukha kapag malapit na nakikipag-ugnayan sa iba.

Ang mga parklet ay bahagi ng isang pilot na programa na inaasahang magdagdag ng mga bagong lokasyon, at kalaunan ay lumaki sa mas malawak na Open Streets Initiative na kamakailan ay hiniling ng Konseho ng Lungsod. Ang inisyatibo ay pansamantalang nagre-purpose ng ilang mga pampublikong espasyo ng Lungsod, kabilang ang mga sidewalk, paradahan sa kalye at malalaking lote ng paradahan, at ginawang ligtas na mga espasyo para sa kainan na sumusunod sa pisikal na pagdistansya at iba pang aktibidad na nauugnay sa distrito ng negosyo.

Ang mga pansamantalang parklet ay matatagpuan sa mga lugar ng Atlantic Avenue at Burlinghall Drive (Bixby Knolls), Second Street sa pagitan ng Glendora Avenue at Pomona Avenue (Belmont Shore) at Pine Avenue sa pagitan ng Fourth Street at Fifth Street (Downtown).

Ang Lungsod ay nakipagtrabaho sa mga asosasyon ng negosyo sa mga kapitbahayan na ito, kabilang ang Bixby Knolls Improvement Association, Belmont Shore Business Association at Downtown Long Beach Alliance, upang matukoy ang mga lokasyon na makakatulong sa paghikayat ng pinakamalaking epekto sa ekonomiya para sa mga kapitbahayan. Ang Lungsod ay nagpapalano na makipagtulungan sa ibang mga asosasyon ng negosyo upang maitaguyod ang mga karagdagang parklet sa buong lungsod.

Sa isang kaugnay na pagsisikap, ang ilang mga residensyal na kalye sa lungsod ay isasara sa mga sasakyan at gagawing mga safe zone para sa mga residente na mag-enjoy ng panlabas na aktibidad kagaya ng pagbibisikleta, skating, o jump rope, na may wastong pisikal na pagdistansya. Bawal ang mga upuan o mga nakatigil na mga set-up sa mga lugar na ito. Mga karagdagang impormasyon ay ibibigay sa susunod na petsa sa sandaling natukoy ang mga detalye.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###